# FILIPINO SA PILING LARANGAN

**Jewil Meigh F. Tibor Grade 12- HUMSS**


This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

**TUKLASIN NATIN**

1. Ano ang pangunahing ideya o punto ng sanaysay? Ilagay ito sa graphic organizer.




This study resource was shared via CourseHero.com

2. Gaano kahalaga ang pagtukoy ng mga tiyak na detalye sa pag-unawa mo sa iyong binasang sanaysay?

   Mahalaga ang pagtukoy sa mga tiyak na detalye sa pag-unawa ng binasang sanaysay. Ito ay sa kadahilanang ang mga detalyeng ito ang nagbibigay sa mga mambabasa ng ideya tungkol sa nilalaman ng buong sanaysay. Sa pamamagitan ng mga ideyang nakuha mula sa pagtukoy sa mga

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

detalye, makabubuo tayo ng sariling bersiyon ng sanaysay sa paraang madali nating maunawaan at masundan. Napapaunlad ng pagtukoy sa mga tiyak na detalye ang kasanayan ng mga mambabasa upang magkaroon ng pangkalahatang pananaw ukol sa kabuuan ng sanaysay. Sa pamamagitan rin ng mga detalyeng ito, mahusay nating makikita ang kaisahan, kaganapan, kalinawan, kaayusan at ang pagkakaugnay-ugnay nito sa isang sanaysay.

3. Batay sa detalyeng iyong nilagay sa graphic organizer, bumuo ng tatlong pangungusap na magpapabahayag ng kabuuan ng tekstong binasa.

    Ang ningning ay nakasisilaw kaya't nakakaakit sa paningin, ngunit ang lubhang pangangapit at pagsamba rito'y nagiging dahilan ng kapalaluan at kasakiman- ito'y nagdadala lamang ng kasakitan. Nararapat lamang na liwanag ang ating hanapin. Ang liwanag ang magpapatanaw sa ating mga paningin sa katunayan at katotohanan, dinudulugan nito ng malinaw na landas ng katuwiran.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

**BASAHIN AT SURIIN NATIN!**

1. Ano ang paksa ng tula?

    Ang paksa ng tula ay tungkol sa kultura sa iba't-ibang panahon. Sa bawat panahong tinukoy sa teksto, ang kahalagahan o gamit ng kultura ay nag-iiba. Makikita sa teksto ang daloy ng kultura sa bawat pagbabagong nagaganap sa panahon. Ang kultura ay itinutudla ng nakaraan na inireregalo naman ng kasalukuyan. Ang kulturang ito ang bubuhayin ng kinabukasan.

2. Ano-ano ang mga panahong binanggit sa teksto?

    Ang mga panahong ibinanggit sa teksto ay ang nakaraan o noon, ang kasalukuyan o ngayon, at ang kinabukasan o bukas. Sa nakaraan, ipinakita ang panahon ng kawalang-malay hanggang sa panahon ng pananakop, digmaan at kasarinlan. Ipinakita rin ang kontemporaryong panahon ng makinasyon. Sa kasalukuyan, ipinakita ang panahon ng pagkamulat at maraming pagbabago. Sa kinabukasan naman, ipinakita kung anong kultura ang ibinigay ng nakaraan at kasalukuyann

3. Ano-anong kulturang Pilipino ang binanggit sa tula?

    Ang mga kulturang Pilipino na binanggit sa tula ay ang sumusunod:

    - Kulturang may ritmo ng pag-awit, may kislot ng pagsayaw, may haplos ng pag-aalay, may lambing ng panunuyo at tangis ng pamamaalam.
    - Kulturang sinangkutsa sa ating diwa at kamalayan.
    - Kulturang sinusuyod ng kapuri-puring ugali at marangal na kilos.
    - Kulturang inihahain ng pagsamba't prusisyon.
    - Kulturang sinasalamin ang pasko't pistang-bayan.
    - Kulturang pinaaawit ng pasyon at pagsasabuhay ng Poon.
    - Kulturang pampamilya, pang-eskuwela, pampolitika, panrehiyon, at pambansa.
    - Kulturang gagalang sa mga bata't matanda.
    - Kulturang rerespeto sa mga babae't may kapansanan.
    - Kulturang luluklok ng pagbabayanihan at pagkakapatiran.

4. Tukuyin ang mga salitang naglalarawan sa kultura sa bawat panahong gamit ang manghad.


| Panahon | Salitang Naglalarawan |
|---|---|
| Noon | may ritmo, may kislot, may haplos, may lambing, |
| Ngayon | nag-uumapaw, nagbabanyos, nag-aakyat, sigla, tuwa, kapuri-puri, marangal |
| Bukas | kabutihan, gagalang, rerespeto, luluklok, marangal |

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

5. Gamit ang grapikong pantulong, ilarawan ang kultura batay sa panahong binanggit sa tula.




**ALAMIN NATIN! (Pahina 8)**

1. Ano ang mahalagang konseptong natutunan mo hinggil sa buod at sintesis?

   Ang mahalagang konsepto na aking natutunan hinggil sa buod at sintesis ay mayroong pagkakatulad at pagkakaiba ang dalawang akademikong sulatin. Sa pagkakatulad, makikita natin na ang mga akademikong sulatin na ito ay mga pinaikling bersiyon. Ang buod ay siksik at pinaikling bersiyon ng teksto samantalang ang sintesis naman ay ang pagpapaikli ng mga pangunahing punto. Ang pagkakaiba naman ng dalawa ay ang buod ay ginagawa upang talakayin ang mga pangunahing ideya ng kabuuan ng orihinal na teksto, samantalang ang sintesis ay ang pagsasama-sama ng mga akda upang makabuo ng koneksyon.
2. Anong mga genre ng panitikan ang maaaring gawan ng buod o sintesis?

   Ang mga genre ng panitikan na maaaring gawan ng buod o sintesis ay piksyon, mga naratibo o salaysay, nobela, mga pabula, talambuhay, at mga kuwentong-bayan.
3. Bakit mahalaga ang pagbubuod ng anumang sulating nabasa o napanood?

   Mahalaga ang pagbubuod ng anumang sulating nabasa o napanood. Sa pamamagitan ng pagbubuod, nailalahad o naipapahayag ang mga pangunahing ideya sa bersiyong maikli at madaling maunawaan.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00


https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

Sa pagbubuod, higit na mauunawaan ng mga mambabasa ang mensahe ng binasa o pinanood. Higit ring nagiging organisado ang pagkaunawa sa isang sulatin.

4. Ano-ano ang dapat tandaan sa paggawa ng buod o sintesis?

   Ang mga dapat tandaan sa paggawa ng buod o sintesis ay:
   - Sa pagsulat ng buod o sintesis, nararapat gumamit ng ikatlong panauhan.
   - Ito ma'y pinaikli na bersiyon ngunit nararapat na nakabatay sa tono ng pagkakasulat ng orihinal na teksto o sipi.
   - Kailangang mailahad ang mga pangunahing ideya na may obhetibong balangkas.
   - Tiyaking gumamit ng mga wastong gramatika, pagbabaybay, at mga bantas.
   - Gumagamit ng mga angkop na susing salita at mga pang-ugnay.

**GAWAIN 1**




This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

**GAWAIN 2**

Pamagat ng Programa: Tonight With Boy Abunda

Network: ABS-CBN

Paksa: Isyu tungkol sa katanyagan na nagsisimulang nagpapakitid ng kanilang mga isipan na nagreresulta sa pagiging mapagmataas

Petsa: Disyembre 1, 2018

Host(s): Boy Abunda

| Kinapanayam | Posisyon | Katuwiran | Komento |
|---|---|---|---|
| Kinapanayam 1: Keifer Sanchez | Animo ni Keifer, palagi silang nagdadasal sa Panginoon bago ang kanilang pagtatanghal. | Ayon kay Keifer, sinasama nila sa kanilang dasal ang pasasalamat sa lahat ng mga biyayang kanilang natatanggap. Aniya'y, hindi nila kinakalimutan ang kanilang pinanggalingan. | Sa aking opinyon, ang naturang gawain ng kanilang grupo bago ang pagtatanghal ay isang implikasyon lamang na sila'y tumatanaw ng utang na loob. Hindi mo makikita ang pagiging mapagmataas sa kabila ng kanilang mga narating sa napiling karera. |
| Kinapanayam 2: Mackie Empuerto | Ayon naman kay Mackie, ngayong kaarawan ni Keifer, naalala niya na kung kaarawan ng isa sa kanila palagi nilang hinihiling na manatiling mapagkumbaba. | Para kay Mackie ang hiling na manatiling mapagkumbaba ay nangangahulugang sana'y ang bawat isa sa kanilang tatlo ay hindi magbabago. | Sa pahayag naman ni Mackie tungkol sa kanilang mga hiling tuwing may kaarawan ang isa sa kanila ay nagpapakita lamang ng kanilang pagiging mapagkumbaba. Pinapahalagahan nila ang kanilang mga narating at makikita naman na hindi nila ito hinahayaang lasunin ang kanilang mga |

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | isipan. |
| Kinapanayam 3: Francis Concepcion | Sinang- ayunan naman ni Francis ang sinabi ni Mackie. Kapag may kaarawan, hindi nila kinakalimutang humiling na manatiling mapagkumbaba. | Sa opinyon naman ni Francis, ang naturang hiling ay nagsisilbing paalala na sana'y walang magbabago. | Kapag pinapalakpakan o kapag hinahangaan, maaaring makalimot. Madaling yumayabang kapag pinapalakpan. Ang naturang pahayag ni Francis ay isang napakagandang imahe na magpapaalala sa kanila na manatiling mapagkumbaba at upang hind imaging rason ang mga palakpak upang yumabang. |

This study resource was shared via CourseHero.com

**GAWAIN 3**

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/

**Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, at Buhay ng Kinabukasan**

Sa nakaraan, ang bawat paghakbang ay may patutunguhan, may mararating. Ito ay may pagtalunton, tumatahak sa matuwid na landas nang hindi nagpapaapekto sa lawak o kitid nito. Isinasakatuparan ang bawat paghakbang nang hindi bumabatay sa bilang ng mga paang humahakbang. Ang mga hakbang na pinagtibay ng mga pagsubok, ng mga pawis, dugo at luhang tunay na puhunan. Ang nakaraa'y mula pa sa panahon ng kawalang-malay, panahon ng mga pananakop, digmaan at kasarinlan hanggang sa kontemporaryong panahon ng makinasyon. Noon, ang kultura'y isinabuhay ng ating diwa't kamalayan. Ang kulturang nabuo mula sa ritmo ng pag-awit, kislot ng pagsayaw, haplos ng pag-aalay, lambing ng panunuyo, at tangis ng pamamaalam- ito ang ipinamana sa atin ng nakaraan.

Sa kasalukuyan, sumibol ang panahon ng pagkamulat at maraming pagbabago. Ang kulturang pinapahid sa ating damdamin at nag-aadyo sa ating kaluluwa. Ito ma'y sinubok ng maraming taon, mananatili pa ring mga binhing nakatanim na iaaalay sa mga bagong sibol ng panahon nang may halong sigla at tuwa. Ngayon, anuman ang pagkakaiba ng bawat isa, ang kultura ay inihahain, sinasalamin, pinaaawit, at patuloy na umuusbong at pinapalakbay ng tradisyon: pampamilya, pang-eskuwela, pampolitika, panrehiyon, at pambansa. Ito'y dinidiligan ng mga pagpapaalala, paggabay at patnubay. Pinayayaman ng ng mga karanasang buhay na buhay- ito ang regalo ng kasalukuyan.

Sa kinabukasan, ang kulturang pamana ng nakaraan at regalo ng kasalukuyan ay patuloy pa ring magiging repleksyon ng kabutihan. Ito ang kulturang may paggalang, may respeto, at nilul uklok ang pagbabayanihan at pagkakapatiran. Bukas, kasaliw ng mga awiting bayan at katutubong sayaw at kalahok ng mga pagsasadula't pagbabalagtasan- patuloy na humahakbang ng magkasama't magkakapit-bisig na may pagkakapantay-pantay. Patuloy na gagalugarin ang kulturang pagyayamanin- ito ang buhay ng kinabukasan.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000835752622 from CourseHero.com on 11-14-2021 08:27:54 GMT -06:00

https://www.coursehero.com/file/91350591/FIL-5-Finisheddocx/